WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
Ang mababang antas ng pagkilala sa mga salita at pag-unawa sa binasa ng mga katutubong mag-aaral ay maaaring maiugnay sa hindi pagtutugma ng kurikulum at pagtuturo sa kanilang wika at kultura. Ipinakita na ang kakulangan sa kontekstuwalisadong pagtuturo ay maaaring makahadlang sa pag-unawa at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral (Kelly et al., 2021; Wissman, 2021). Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ang wika, kultura, at katutubong kaalaman ng mga Mamanwa sa pagsusuri ng mga kagamitang panturo, kasanayan sa pagbasa, at mga karanasan ng mga guro at extensionist sa bawat case. Sa pananaw ng mananaliksik, mahalagang matiyak na ang mga programang pampagbasa ay nakabatay sa kultura at wikang kinagisnan ng mga mag-aaral na Mamanwa upang higit na mapaunlad ang kanilang pagkilala sa mga salita at pag-unawa sa binasa.

Sa bansang New Zealand, ang hamon sa *phonological awareness* at bokabularyo na napabuti sa pamamagitan ng tradisyunal na Māori *pedagogical practices* (Derby, 2023). Sa Estados Unidos, pinatunayan nina Kelly et al. (2021) na ang kakulangan ng *culturally anchored literacy instruction* ay nagpalalim ng *literacy gaps* at nagpapahina sa *academic engagement* ng mga mag-aaral sa mga komunidad na nasa laylayan. Sa Canada,sa pag-aaral nina Schroeder et al. (2022) kinaharap ang problema ng *literacy gaps* at mababang pag-unawa sa binabasa ng mga *Indigenous* at *marginalized* na mag-aaral dahil sa hindi pagtutugma ng teksto at kanilang kultural na konteksto.

Sa Rehiyon XIII, may umiiral na mga pag-aaral na may kaugnayan sa edukasyon ng mga mag-aaral na Mamanwa at sa paggamit ng mga kontekstuwalisadong kagamitang panturo para sa mga katutubong mag-aaral. Natukoy nina Ladaga & Lamanilao-Agdana (2025) na mababa ang *English performance* ng mga mga mag-aaral na mamanwas bago ang paggamit ng *indigenized context-based learning materials* sa nasabing lugar. Gayundin, ibinunyag nina Jugador & Tampus (2025) na hindi sapat na tumutugon sa lingguwistiko at kultural na pangangailangan ng mga mag-aaral, ang umiiral na reading remediation programs sa mga *IP-intensive secondary schools* sa isang distrito sa Agusan. Dagdag pa rito, ipinakita nina Flores at Obod (2023) sa Division of Butuan City na ang paggamit ng *indigenized instructional materials* ay may mahalagang ambag sa pagpapabuti ng karanasan sa pagkatuto ng mga *IP learners*.

May ilang lokal na pag-aaral at dokumentadong inisyatiba na may kaugnayan sa mga Mamanwa sa Southern Leyte. Una, sinuri nina Oclarit et al. (2023) ang mga karanasan ng mga mag-aaral na mamanwas sa *mainstream education* sa Panaon Area, Southern Leyte. Ikalawa, tinalakay ni Ponce (2022) sa *The Narratives of the Mamanwa Southern Leyte* ang mga komunidad ng Mamanwasa lalawigan, kabilang ang Brgy. Catmon, Saint Bernard, Southern Leyte, bilang bahagi ng kaniyang *ethnographic* na pag-aaral sa kanilang kultura at *Indigenous Knowledge Systems* and *Practices*. Ikatlo, iniulat ng isang unibersidad sa Southern Leyte (2023) ang isang *extension program* sa Saint Bernard, Southern Leyte, kung saan isinagawa ang *one-on-one* na pagtuturo sa pagbasa at aritmetika para sa mga mag-aaral na mamanwa. Ipinakikita ng mga pag-aaral at inisyatibang ito na may umiiral nang lokal na batayan para sa pagsusuri ng ugnayan ng pagbasa at kultura sa konteksto ng mga mag-aaral na Mamanwa sa Southern Leyte.

Iniaayon ang kasalukuyang pag-aaral sa *United Nations Sustainable Development Goal 4* (SDG 4) na nagtataguyod ng inklusibo, patas, at dekalidad na edukasyon para sa lahat. Bagama't may mga naunang pag-aaral tungkol sa edukasyon ng mga katutubo at paggamit ng kontekstuwalisadong kagamitang panturo, limitado pa rin ang pananaliksik sa aktuwal na pagpapatupad nito sa pagtuturo ng pagbasa sa mga mag-aaral

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
mga katutubong mag-aaral sa pagbuo ng mga aralin. Kaugnay nito, mahalagang maiugnay ang mga kagamitang panturo sa kulturang Mamanwa upang maging makabuluhan at angkop ang pagtuturo ng pagbasa.

Ang papel ng mga kagamitang panturo sa pagtataguyod ng inklusibong pagkatuto sa mga paaralang rural (Carrete-Marín & Domingo-Peñafiel, 2022). Sinuri nila ang mga pag-aaral tungkol sa paggamit ng mga aklat at iba pang kagamitang panturo sa mga multigrade na paaralan. Ipinakita ng kanilang pagsusuri na kinakailangang isaalang-alang ang magkakaibang edad, kakayahan, at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagpili at pagbuo ng mga materyales. Mahalaga ang pananaw na ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang mga kagamitang panturo para sa mga batang Mamanwa ay kailangang umangkop sa magkakaibang baitang at pangangailangan sa pagbasa

2.2. *Kontekstuwalisadong Kagamitang Pantuturo*

Ang hangaring makasabay sa patuloy na pagbabago sa edukasyon, higit na binigyang-diin ng mga paaralan ang pagbuo ng mga kagamitang panturo na naglalaman ng mga estratehiyang nakatuon sa paglinang ng mahahalagang kasanayan ng mga mag-aaral, alinsunod sa mga patnubay ng *Department of Education Bureau of Learning Delivery – Teaching and Learning Division* (BLDTLD). Binigyang-diin din ni Llego (2020) na mahalagang pagtuunan ng pansin ang paghubog sa mga kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral upang maging higit na makabuluhan at epektibo ang proseso ng pagkatuto.

Mahalaga ang paggamit ng kontekstuwalisadong kagamitang pantuturo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat dahil naiuugnay nito ang mga aralin sa dating kaalaman at aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral (Atondo, 2022). Sa pag-aaral na isinagawa sa Tabaco City Division, binigyang-pansin ang pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa asignaturang *Reading and Writing Skills.*

Ipinakita na nakatutulong ang paggamit ng kontekstuwalisado at lokalisadong kagamitang panturo sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa Agham (Bello et al., 2023). Binigyang-diin din na mahalagang isaalang-alang ang lokal na kultura at kapaligiran sa pagbuo ng m

2.3. *Pagkilala sa mga Salita*

Sa mga kontemporaryong pag-aaral, malinaw na ang paglinang ng pagbasa ay hindi lamang nakasalalay sa isang hiwalay na kasanayan kundi sa ugnayan ng *word recognition, decoding, fluency, comprehension,* at ng mas malawak na kontekstong pedagogikal at pangkultura ng mag-aaral. Sa isang pag-aaral na nakatuon sa pagbasa at kultura sa loob ng kontekstuwalisadong pagtuturo sa mga mag-aaral na Mamanwa, mahalagang mailugar ang pagbasa hindi lamang bilang teknikal na kasanayan kundi bilang prosesong hinuhubog ng wika, karanasan, at kulturang kinabibilangan ng bata.

Mahalaga ang katumpakan sa pagkilala ng salita bilang pundasyon ng pag-unlad ng bilis ng pagbasa at pag-unawa sa teksto (Karageorgos et al., 2020). Sa kanilang longitudinal na pag-aaral, natuklasan na ang mga mag-aaral na mas maagang nakaaabot sa kinakailangang antas ng katumpakan sa pagkilala ng salita ay nagpapakita rin ng mas malaking pag-unlad sa bilis ng pagbasa at reading comprehension. Ipinahihiwatig

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
nito na kailangang malinang muna ang wastong pagkilala sa mga salita upang maging mas mabilis at mahusay ang pagbasa.

Ang mga prosesong kasangkot sa pagkilala ng salita habang nagbabasa ng teksto. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang pagkilala sa mga salita ay nangangailangan ng magkakaugnay na prosesong ortograpiko at ponolohikal (Hautala et al., 2022). Binigyang-diin din na ang pagkakaiba-iba ng kakayahan sa pagkilala ng salita ay may kaugnayan sa antas ng kahusayan at bilis ng pagbasa. Ipinakikita nito na mahalagang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na mabilis at wastong makilala ang mga nakalimbag na salita.

2.4. *Reading Comprehension*

Ang pag-unawa sa binasa ay proseso ng pagpoproseso ng teksto at pag-uugnay ng dating kaalaman sa bagong impormasyon upang higit itong maunawaan (Granda & Ramírez-Avila, 2020). Kabilang sa batayang antas nito ang literal na pag-unawa, na nakatuon sa pagtukoy ng mahahalagang detalye, tiyak na impormasyon, pagkakasunod-sunod ng mga ideya, at tahasang ipinahayag na pangunahing kaisipan. Ayon kay Miranda, (2025), pundamental ang antas na ito sapagkat sinusukat nito ang pag-unawa sa mga impormasyong tuwirang nakasaad sa teksto. Gayunpaman, nahihirapan pa rin ang ilang mag-aaral sa mga gawaing nangangailangan ng ganitong kasanayan.

Ang reading comprehension o pag-unawa sa binasa ay isang mahalagang proseso na nangangailangan ng pagkilala sa mga salita, pag-unawa sa bokabularyo, pag-uugnay ng dating kaalaman, at pagbibigay-kahulugan sa mga impormasyong nakapaloob sa teksto. Binigyang-diin na ang paglinang nito ay dapat magsimula sa mga unang yugto ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtuturo ng pagkilala sa salita, reading fluency, talasalitaan, at mga estratehiya sa pag-unawa (Duke, Ward, & Pearson, 2021). Mahalaga rin ang pagtalakay sa estruktura ng teksto, pagsusuri ng mga ideya, at pakikilahok sa mga gawaing nagtataguyod ng interes sa pagbabasa.

Ipinakita sa isang pag-aaral na ang paggamit ng metacognitive strategies ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsasanay sa mga estratehiya sa pag-iisip at pagbibigay ng angkop na kagamitang panturo, nagkaroon ng mas mataas na pag-unlad sa strategic awareness, bokabularyo, at reading comprehension ng mga mag-aaral sa Baitang 3 hanggang 5 (Urban, Urban, & Nietfeld, 2023). Ipinahihiwatig nito na mahalagang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na subaybayan at suriin ang kanilang sariling pag-unawa habang nagbabasa.

2.5. *Kasanayan sa Pagbasa*

Ang kasanayan sa pagbasa ay binubuo ng magkakaugnay na kakayahang pangwika at kognitibo na mahalaga sa pag-unawa sa teksto (Kittle et al., 2024). Kabilang dito ang *oral language, phonological awareness, decoding, reading fluency, at reading comprehension*. Binigyang-diin na mahalagang malinang ang mga kasanayang ito, kapwa sa unang wika at sa pangalawang wika, upang higit na mapaunlad ang literasi ng mga mag-aaral na multilingual. Ipinahihiwatig nito na ang paglinang ng pagbasa ay nangangailangan ng

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
komprehensibong pagtuturo na isinasaalang-alang ang kakayahan at wikang ginagamit ng mga mag-aaral.
Ipinakita na ang pag-unawa sa binasa ay nangangailangan ng sabayang paglinang ng pagkilala sa salita, kasanayan sa pagbasa nang may wastong bilis at katumpakan, talasalitaan, at dating kaalaman (Duke et al., 2021). Mahalaga rin ang pagtuturo ng mga estratehiya sa pag-unawa, pagsusuri ng estruktura ng teksto, at pakikilahok sa mga gawaing pagbasa at talakayan. Ipinahihiwatig nito na hindi sapat ang kakayahang bumasa nang mahusay kung hindi nauunawaan at nabibigyang-kahulugan ng mag-aaral ang nilalaman ng teksto.
Ang kasanayan sa pagbasa ay isang malawak na kakayahang kinabibilangan ng pagkilala at pagbigkas ng mga salita, pag-unawa sa kahulugan ng teksto, at pagbuo ng interpretasyon batay sa binasa (Petscher et al., 2020). Binibigyang-diin sa isang sistematikong pagsusuri na mahalagang malinang ang mga kasanayan sa pagkilala ng tunog, pagde-decode ng mga salita, pagbasa nang may wastong bilis at diin, at pag-unawa sa teksto upang maging mahusay na mambabasa ang isang mag-aaral.

2.6. Papel ng mga Guro at Extensionist sa Pagpapatupad ng mga Programa sa Pagbasa

Mahalaga ang papel ng mga faculty-extensionist sa pagpapaunlad ng literasi ng mga katutubong mag-aaral sa pamamagitan ng mga programang nakabatay sa pangangailangan ng komunidad (Española et al., 2022). Sa kanilang proyektong isinagawa sa mga Mamanwa sa Surigao del Norte, nagsagawa ang mga extensionist ng mga pagsasanay tungkol sa iba't ibang kasanayan sa literasi katuwang ang mga magulang, guro, lokal na pamahalaan, at paaralan. Ipinakita nito na mahalaga ang pakikipagtulungan ng mga extensionist sa mga pangunahing sektor ng komunidad upang maisakatuparan ang mga programang pampagkatuto.
Ang pagpapatupad ng *community extension program* para sa literasi at numerasiya ay nakatulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa *Alternative Learning System* (ALS) at mga *out-of-school youth* (Arciosa et al., 2022). Sa pamamagitan ng lingguhang sesyon, paghahanda ng mga kagamitang panturo, at paggamit ng pretest at posttest, nagkaroon ng pagtaas sa marka ng mga kalahok. Ipinahihiwatig nito na mahalaga ang aktibong pakikilahok ng mga tagapagpatupad ng extension program sa paghahanda, pagsasagawa, at pagtataya ng mga gawaing pampagkatuto

Ipinakikita rin ng mga pag-aaral na ang tagumpay ng mga programang pampagbasa ay hindi lamang nakasalalay sa mga guro at extensionist kundi maging sa pakikipagtulungan ng mga magulang, paaralan, at komunidad. Ang pagkakaroon ng sapat na pagsasanay, kagamitang panturo, suporta ng mga administrador, at regular na pagtataya ay mahahalagang salik upang mapanatili ang kalidad at pagpapatuloy ng mga programa. Partikular na mahalaga ang mga ito sa mga katutubong pamayanan, kung saan kailangang iangkop ang mga estratehiya at materyales sa wika, kultura, at lokal na karanasan ng mga mag-aaral.
Ang mga guro at extensionist ay hindi lamang tagapagpatupad ng mga gawaing pampagbasa kundi mahahalagang katuwang sa paghubog ng kakayahan at interes ng mga mag-aaral sa pagbasa. Binibigyang-diin nito ang pangangailangang magkaroon ng organisado, inklusibo, at kontekstuwalisadong programa na nakabatay sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, mahalagang suriin ang papel ng mga extensionist sa pagpapatupad ng mga programang pampagbasa upang matukoy kung paano

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
nakatutulong ang kanilang mga gawain at interbensiyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na Mamanwa.

3. Teoretikal na Lente

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Sociocultural Theory ni Lev Vygotsky (1978), na nagbibigay-diin sa papel ng interaksiyong panlipunan, paggabay, at mga kasangkapang kultural sa pagkatuto. Sa pananaw na ito, nahuhubog ang kaalaman at kasanayan ng mag-aaral sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao at paggamit ng wika at mga kagamitang makabuluhan sa kaniyang kontekstong panlipunan at kultural. Ginagamit ang teoryang ito upang suriin ang pagpapatupad ng kontekstuwalisadong kagamitang panturo at ang kaugnayan nito sa pagkilala sa mga salita at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na Mamanwa.

Mahalaga ang interaksyong panlipunan at paggabay ng isang mas may kaalamang indibidwal sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mag-aaral. Ipinaliwanag ni Vygotsky (1978) na nagaganap ito sa loob ng Zone of Proximal Development (ZPD), kung saan ang More Knowledgeable Other (MKO) ay nagbibigay ng scaffolding upang mapaunlad ang kasanayan ng mag-aaral. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ang mga extensionists ng paaralan ang nagsilbing MKO, samantalang ang mga kontekstuwalisadong maikling kuwento at iba pang culturally grounded materialsang nagsilbing cultural tools. Sa pamamagitan ng interaksyon ng MKO at mag-aaral, higit na napaunlad ang word recognition, reading comprehension, at iba pang literacy subskills sa loob ng multigrade setting.

Sa lente ng Sociocultural Theory, ang kontekstuwalisadong kagamitang panturo ay maaaring magsilbing kasangkapang kultural na namamagitan sa pagkatuto. Ang mga salita, kuwento, sitwasyon, at kaalamang nakaugat sa komunidad ng mga Mamanwa ay maaaring mag-ugnay sa dating kaalaman ng mga mag-aaral at sa nilalaman ng kanilang binabasa. Susuriin kung paano ginagamit ang mga kagamitang ito, kasabay ng interaksiyon at paggabay, upang suportahan ang pagkilala sa mga salita, pagbuo ng kahulugan, at pakikilahok sa mga gawaing pagbasa sa multigrade na konteksto.

Sa pagko-code at interpretasyon ng datos, magsisilbing gabay ang mga konsepto ng interaksiyong panlipunan, paggabay kaugnay ng ZPD, at paggamit ng wika at mga kasangkapang kultural. Gagamitin ang mga konseptong ito upang maunawaan ang mga karanasan ng mga tagapayo at extensionist at maihambing ang pagpapatupad at mga kinalabasan sa bawat kaso. Mananatiling bukas ang pagsusuri sa mga temang lilitaw mula sa datos upang matukoy ang mga karanasang hindi ganap na naipapaliwanag ng mga paunang konsepto ng teorya.

Sa pag-aaral na ito, nagbibigay ang Sociocultural Theory ni Vygotsky ng teoretikal na batayan sa pagsusuri kung paano at sa anong mga kalagayan nakatutulong ang kontekstuwalisadong kagamitang panturo sa pagkilala sa mga salita at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na Mamanwa. Nakatuon ang pagsusuri sa ugnayan ng mga kagamitang ito, ng paggabay ng mga tagapayo at extensionist, at ng kontekstong panlipunan at kultural na kinapapalooban ng pagkatuto.

4. Metodolohiya

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Metodolohiya ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong dulog at *multiple-case study design* upang maunawaan ang implementasyon ng kontekstuwalisadong kagamitang panturo at ang karanasan at pagtugon ng limang mag-aaral na Mamanwa sa pagtuturo ng pagbasa. Itinuring na magkakahiwalay na kaso ang bawat mag-aaral mula Baitang 1 hanggang Baitang 5 sa Paaralan A, isang pampublikong multigrade na paaralang elementarya at Indigenous Peoples (IP) Center sa Pacific Area ng Southern Leyte. Isinagawa ang pag-aaral mula Hunyo 24 hanggang Setyembre 30, 2026, na nakatuon sa pagkilala sa mga salita at pag-unawa sa binasa. Kinalap ang datos sa pamamagitan ng panayam sa limang mag-aaral at pitong impormante na binubuo ng tatlong guro, tatlong extensionist, at isang punong guro.

Sinuri ang datos sa pamamagitan ng *within-case analysis* upang mailarawan ang karanasan at pagtugon ng bawat mag-aaral, at *cross-case analysis* upang matukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng kanilang mga karanasan batay sa baitang at konteksto. Pinagsama ang mga salaysay ng mga mag-aaral at impormante upang higit na maunawaan ang implementasyon ng kontekstuwalisadong kagamitang panturo at ang naiulat na pagbabago sa pagkilala sa mga salita at pag-unawa sa binasa. Sa pamamagitan nito, nabuo ang mas malalim na pag-unawa sa paggamit ng kontekstuwalisadong kagamitan sa pagtuturo ng pagbasa sa mga mag-aaral na Mamanwa.

Mga Kalahok sa *Case Units*

Isinagawa ang pag-aaral sa Paaralan A, isang pampublikong paaralang elementarya na may multigrade na klase. Pangunahing kalahok ang limang (5) mag-aaral na Mamanwa mula Baitang 1 hanggang Baitang 5 na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Itinakda bilang pamantayan sa pagpili ang pagiging kasapi ng tribong Mamanwa, kasalukuyang pagkakaenrol sa paaralan, pangangailangan ng karagdagang suporta sa pagbasa batay sa paunang pagtatasa, at pagkakaroon ng pirmadong pahintulot ng magulang o tagapag-alaga (*Informed Consent*) at pagsang-ayon ng bata (*Assent*). Hindi isinama ang mga hindi nakatugon sa pamantayan, tumangging lumahok, o umatras sa pag-aaral.

Kabilang din sa mga impormante ang tatlong guro, tatlong *education faculty extensionist*, at isang punong-guro na nagbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagkatuto ng mga bata at implementasyon ng kontekstuwalisadong kagamitang panturo. Ginamit ang kanilang mga salaysay para sa triangulation ng datos at pagpapatibay ng mga natuklasan. Isinaalang-alang din ang *double vulnerability* ng mga kalahok bilang mga menor de edad at kasapi ng Indigenous Cultural Community. Kaya, sinunod ang mga pamantayang etikal sa pamamagitan ng pagkuha ng pahintulot sa kinauukulang lider ng komunidad, magulang o tagapag-alaga, at mga batang kalahok. Tiniyak din ang boluntaryong partisipasyon, pagiging sensitibo sa kultura, pagiging kompidensiyal ng impormasyon, at paggamit ng mga code o pseudonym upang mapangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan, dignidad, at kapakanan.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

Paglalarawan sa Bawat *Case Unit*

Case 1. Mag-aaral na Mamanwa

Ang unang kalahok ay isang lalaking mag-aaral sa Baitang 1 ng Paaralan A na kabilang sa tribong Mamanwa at nangangailangan ng karagdagang suporta sa pagbasa batay sa paunang pagtatasa. Kinatawan niya ang panimulang antas ng pagbasa sa multigrade na konteksto. Sinuri sa kaniyang kaso ang pagtugon sa kontekstuwalisadong kagamitang panturo, partikular sa pagkilala sa mga salita (*word recognition*), pag-unawa sa binasa (*reading comprehension*), at karanasan sa paggamit ng mga kuwentong nakaugat sa sariling kultura.

Case 2. Mag-aaral na Mamanwa

Ang ikalawang kalahok ay isang babaeng mag-aaral sa Baitang 2 na kabilang sa tribong Mamanwa at nangangailangan ng karagdagang suporta sa pagbasa batay sa paunang pagtatasa. Kinatawan niya ang susunod na antas ng pagkatuto sa pagbasa. Nakatuon ang pagsusuri sa kaniyang pagtugon sa kontekstuwalisadong kagamitan, pag-unlad sa pagkilala sa mga salita at pag-unawa sa binasa, at karanasan sa paggamit ng mga babasahing angkop sa kaniyang kultura.

Case 3. Mag-aaral na Mamanwa

Ang ikatlong kalahok ay isang babaeng mag-aaral sa Baitang 3 na kabilang sa tribong Mamanwa at nangangailangan ng karagdagang suporta sa pagbasa. Kinatawan niya ang gitnang antas ng elementarya, kung saan sinuri ang kaniyang karanasan sa kontekstuwalisadong interbensiyon at ang mga pagbabago sa pagkilala sa mga salita at pag-unawa sa binasa. Binigyang-pansin din ang kaniyang pagtugon sa mga kagamitang panturong nakabatay sa sariling kultura.

Case 4. Mag-aaral na Mamanwa

Ang ikaapat na kalahok ay isang babaeng mag-aaral sa Baitang 4 na kabilang sa tribong Mamanwa at nangangailangan ng karagdagang suporta sa pagbasa batay sa paunang pagtatasa. Kinatawan niya ang mas mataas na antas ng elementarya. Sinuri sa kaniyang kaso ang pagtanggap at paggamit sa kontekstuwalisadong kagamitang panturo, gayundin ang mga pagbabago sa pagkilala sa mga salita at pag-unawa sa binasa.

Case 5. Mag-aaral na Mamanwa

Ang ikalimang kalahok ay isang babaeng mag-aaral sa Baitang 5 na kabilang sa tribong Mamanwa at nangangailangan ng karagdagang suporta sa pagbasa. Kinatawan niya ang pinakamataas na baitang sa mga pangunahing kalahok. Nakatuon ang kaniyang kaso sa karanasan at pagtugon sa kontekstuwalisadong kagamitang panturo at sa mga pagbabagong naitala sa pagkilala sa mga salita at pag-unawa sa binasa sa kabila ng kaniyang antas sa elementarya.

Pinagkukunan ng Datos

Nagmula ang mga datos sa limang mag-aaral na Mamanwa na nagsilbing pangunahing *case units*, tatlong tagapayo, isang punong-guro, at limang *extensionists* na nagsilbing mga pangunahing impormante (*key informants*). Nagbigay ang mga ito ng impormasyon tungkol sa karanasan at pagtugon ng mga mag-aaral,

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
ang pangangalap ng datos. Tiniyak ng mananaliksik ang pagsunod sa mga pamantayang etikal upang mapangalagaan ang karapatan, dignidad, kaligtasan, privacy, at kapakanan ng mga kalahok.
Isinagawa ang pananaliksik sa tulong at gabay ng tagapayo at mga panelist upang matiyak ang kalidad at etikal na pagsasagawa nito. Ginamit din ang mga sangguniang akademiko, aklatan, at iba pang pasilidad ng institusyon bilang suporta sa maayos at responsableng pagsasakatuparan ng pag-aaral.

5. Mga Natuklasan

Cross-Case Analysis ng limang mga mag-aaral na Mamanwa

Talahanayan 1
Profayl ng mga Mga mag-aaral na mamanwa

Case code	Baitang	kasarian	Konteksto ng paaralan at pagtuturo	Kaugnay na pangangailangan o karanasan sa pagbasa
Case 1	Una	lalaki	Paaralan A, multigrade, pangkat ng Baitang 1 at 2, Tagapayo 1 at Extensionist 1	Natukoy na nangangailangan ng suporta sa paunang pagtatasa; pamilyar na salita, muling pagbasa at larawan sa mahahabang bahagi.
Case 2	Ikalawa	babae	Paaralan A, multigrade, pangkat ng Baitang 1 at 2, Tagapayo 1 at Extensionist 1	Natukoy na nangangailangan ng suporta; nagtatagal sa mahabang kuwento; nababawasan ang pokus at ginagamit ang larawan at mabagal na pagbasa.
Case 3	ikatlo	babae	Paaralan A, klase ng Baitang 3 at 4, Tagapayo 2, tutorial group ng Baitang 3–4, Extensionist 2	Nangangailangan ng suporta sa word recognition at comprehension ayon sa background; gumagamit ng paggunita, larawan sa isip at muling pagbasa.
Case 4	ikaapat	babae	Paaralan A ayon sa case-unit profile, klase ng Baitang 3 at 4, Tagapayo 2, tutorial group ng Baitang 3–4, Extensionist 2	Nangangailangan ng suporta ayon sa case-unit profile; walang iniulat na mahirap unawain sa tinukoy na teksto, ngunit napapagod sa mahabang pagbasa at humihinto sandali.
Case 5	ikalima	babae	Paaralan A ayon sa case-unit profile, pangkat ng Baitang 5 at 6, Tagapayo 3 at Extensionist 3	Nangangailangan ng suporta ayon sa case-unit profile; walang iniulat na mahirap unawain sa tinukoy na teksto, ngunit napapagod sa mahabang pagbasa at humihinto sandali.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Ang *Case 1* ay isang lalaking mag-aaral sa Unang Baitang na gumagamit ng pamilyar na salita, sariling karanasan, larawan, at muling pagbasa upang maunawaan ang kuwento. Ipinakikita ng kaniyang karanasan ang pangangailangan sa payak na tanong, biswal na gabay, at pagkakataong balikan ang teksto.

Ang *Case 2* ay isang babaeng mag-aaral sa Ikalawang Baitang na nakauunawa sa mga salita ngunit nahihirapan sa mahahabang kuwento at pagpapanatili ng atensiyon. Nakatutulong sa kaniya ang pagpapabagal ng pagbasa at pagtingin sa mga larawan upang maibalik ang pokus.

Ang *Case 3* ay isang babaeng mag-aaral sa Ikatlong Baitang na gumagamit ng dating karanasan, larawan, at muling pagbasa upang makabuo ng kahulugan. Ang mga kuwentong naglalarawan sa kanilang kultura at pang-araw-araw na gawain ay nagpapataas ng kaniyang interes at pagmamalaki.

Ang *Case 4* ay isang babaeng mag-aaral sa Ikaapat na Baitang na nagpapakita ng interes at pagmamalaki sa mga kuwentong naglalarawan sa kanilang lugar at kultura. Pangunahing hamon sa kaniya ang pagkapagod sa mahabang pagbasa, kaya nakatutulong ang paghinto, pagtingin sa larawan, at pagpapatuloy.

Ang *Case 5* ay isang babaeng mag-aaral sa Ikalimang Baitang na higit na interesado sa mga kuwentong may kaugnayan sa kanilang buhay at kultura. Bagama't mabagal siyang magbasa sa ilang pagkakataon, nakatutulong ang muling pagbasa, larawan, at pagbibigay ng sapat na oras upang maunawaan ang salaysay.

Sa kabuuan, ang limang kaso ay nagmula sa Baitang 1 hanggang 5, samantalang kabilang sa pangkat na tinuturuan ng implementer ang Baitang 6. Bagama't magkakatulad ang kanilang pangangailangan sa karagdagang suporta, nagkakaiba ang kanilang hamon sa haba ng teksto, pagpapanatili ng pokus, paggamit ng larawan, at muling pagbasa. Ipinakikita nito ang kahalagahan ng pag-aangkop ng kagamitang panturo sa karanasan at pangangailangan ng bawat mag-aaral.

Talahanayan 2

Profayl ng mga Impormante

Code	Edad	Kasarian	Tungkulin	Saklaw
G1	29	Babae	Gurong tagapayo	Baitang 1 at 2
G2	32	Babae	Gurong tagapayo	Baitang 3 at 4
G3	26	Babae	Gurong tagapayo	Baitang 5 at 6
E1	36	Babae	Extensionist at tutor	Baitang 1 at 2

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

E2	28	Lalaki	Extensionist at tutor	Baitang 3 at 4
E3	32	Babae	Extensionist at tutor	Baitang 5 at 6
PG	38	Babae	Punong guro	Paaralan A

Ang tatlong gurong tagapayo ay pawang babae at nakatalaga sa magkakambal na baitang: Guro 1 (29 taong gulang) sa Baitang 1–2, Guro 2 (32 taong gulang) sa Baitang 3–4, at Guro 3 (26 taong gulang) sa Baitang 5–6. Inilalarawan ng kanilang mga salaysay ang pagpapatuloy ng paggabay sa pagbasa sa loob ng klase.
Samantala, ang tatlong extensionist ay binubuo ng dalawang babae at isang lalaki. Si E1 (36 taong gulang) ay nagtuturo sa Baitang 1–2, si E2 (28 taong gulang) sa Baitang 3–4, at si E3 (32 taong gulang) sa Baitang 5–6. Inilalarawan ng kanilang mga salaysay ang pagpapatupad ng tutorial at pag-aangkop ng mga gawain sa pangangailangan ng mga mag-aaral.
Ang punong guro (PG), isang 38 taong gulang na babae, ang nangangasiwa sa programa sa Paaralan A. Saklaw ng kaniyang salaysay ang koordinasyon at pagsubaybay, kabilang ang iskedyul, pagdalo, at pakikipag-ugnayan sa mga guro at extensionist.

Cross-case analysis sa Pagpapatupad ng Kontekstuwalisadong kagamitang panturo
Talahanayan 3
Pagpapatupad ng Kontekstuwalisadong Kagamitang Panturo

Mahahalagang Tema	Pangunahing Kaisipan
Sistematikong Pagtukoy at Pagbibigay-priyoridad sa mga Nangangailangang Mag-aaral	Isinasagawa muna ng mga tagapayo ang pagtataya sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral.
	Tinutukoy ang mga mag-aaral na nasa *frustration level* bilang pangunahing benepisyaryo ng programa.
	Inihahanda at isinusumite sa head teacher ang listahan ng mga mag-aaral na nangangailangan ng interbensiyon.
	Isinasaalang-alang ang aktuwal na kakayahan sa pagbasa at hindi lamang ang kasalukuyang baitang ng mag-aaral.
	Tinutukoy ang espesipikong kahinaan sa letter-sound recognition, decoding, word recognition, fluency, at comprehension.
	Ginagamit ang resulta ng pagtataya sa pagbuo ng pangkat, iskedyul, at pokus ng tutorial.
	Nangunguna ang SLSU extensionists sa nakatuong tutorial tuwing Miyerkules.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Sama-samang Pagpapatupad ng Paaralan at SLSU Extension Team	Gumaganap ang mga tagapayo bilang facilitator, teacher-assistant, tagamasid, at tagapagpatuloy ng interbensiyon.
	Ipinagpapatuloy ng mga adviser sa regular na klase ang guided reading, storytelling, at reinforcement.
	Pinangangasiwaan ng head teacher ang iskedyul, attendance, paggamit ng materyal, at school-level monitoring.
	Nakikipag-ugnayan ang head teacher sa SLSU program leader para sa mga pangangailangan at progreso ng mga mag-aaral.
	Nagbabahaginan ng obserbasyon at feedback ang advisers, extensionists, at tagapangasiwa upang mapahusay ang pagpapatupad.
Paggamit ng Materyal na Nakaugat sa Wika at Kulturang Mamanwa	Ginagamit ang kontekstuwalisadong babasahin na naglalaman ng sampung kuwentong may makukulay na ilustrasyon.
	Inilalahad sa mga kuwento ang pamilya, kalikasan, tradisyon, ritwal, laro, kabuhayan, at buhay-komunidad ng mga Mamanwa.
	Ginagamit ang bersiyong Mamanwapara sa mga mag-aaral at ang parallel Cebuano/Bisaya o non-Mamanwaversion bilang gabay ng tagapayo.
	Ginagawang tulay sa pagtalakay ang mga dating karanasan at kaalamang pangkultura ng mga bata.
	Nakikibahagi ang mga head teacher, SLSU personnel, taal na tagapagsalita, at tribal elders sa pagbuo o pagpapatibay ng materyal.
	Pinananatili sa paggamit ng materyal ang pagiging wasto, sensitibo, at magalang sa wika, kultura, at paniniwala ng tribo.
Diferensiyado at Naka-scaffold na Pagtuturo Batay sa Kakayahan	Gumagamit ng picture discussion, storytelling, modeling, echo reading, sabayang pagbasa, at guided oral reading.
	Inuuna sa mababang baitang ang letter-sound recognition, decoding, pagkilala ng salita, at payak na tanong.
	Isinasama sa mas mataas na baitang ang main idea, sequencing, inference, prediction, pagbibigay-katwiran, at reflection.
	Binabago ang dami ng tulong, antas ng tanong, haba ng teksto, at inaasahang independiyenteng pagbasa.
	Gumagamit ng picture viewing, word matching, paired reading, at tahimik na pagbasa habang ginagabayan ang ibang pangkat.
	Itinatapat ang gawain sa aktuwal na reading level upang maiwasang muling makaranas ng pagkabigo ang bata.
	Hinahati sa maiikling bahagi ang teksto kapag nahihirapang sumunod ang mag-aaral.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Agarang Pag-aangkop sa mga Hamon ng Multigrade at Remedial na Pagbasa	Inuulit ang mahahalagang tunog, salita, pangungusap, at bahagi ng kuwento.
	Pinabibilis o pinababagal ang pagbasa ayon sa kakayahan at tugon ng mag-aaral.
	Gumagamit ng larawan, oral explanation, prompts, clues, at payak na tanong bilang agarang suporta.
	Inuuna ang pasalitang sagot bago ang nakasulat na gawain para sa mga batang may matinding kahinaan sa pagbasa.
	Patuloy na hinaharap ang limitadong oras, magkakaibang pacing, malalaking agwat sa kasanayan, at hindi pare-parehong attendance.

Paglalahad at Pagsusuri ng mga Kaso

Ipinakita ng pagsusuri na magkakatulad ang proseso ng pagtukoy sa mga mag-aaral na nangangailangan ng suporta, ngunit nagkakaiba ang kanilang aktuwal na pangangailangan sa pagbasa. Binigyang-diin ng Extensionist 2 na higit na mahalaga ang obserbasyon sa tutorial kaysa sa pangkalahatang kategoryang *frustration level* upang maiangkop ang paggabay. Halimbawa, ang Case 1, 3, at 5 ay gumagamit ng muling pagbasa, samantalang ang Case 2 ay nangangailangan ng pagpapabagal upang mapanatili ang pokus. Ipinakikita nito na hindi sapat ang baitang o referral category sa pagtukoy ng angkop na estratehiya.

Sama-samang Pagpapatupad ng Paaralan at SLSU Extension Team

Magkaugnay ang tutorial tuwing Miyerkules at ang regular na klase. Iisa ang ginagamit na kontekstuwalisadong materyal sa tatlong pangkat, ngunit inaangkop ang paggabay ayon sa baitang at kakayahan. Ipinagpapatuloy ng mga guro sa klase ang pagbasa at talakayan, habang ang mga extensionist ang nangunguna sa tutorial. Sinusuportahan ito ng punong guro sa pamamagitan ng koordinasyon, iskedyul, pagsubaybay sa pagdalo, at pakikipag-ugnayan sa mga implementer.

Paggamit ng Materyal na Nakaugat sa Wika at Kulturang Mamanwa

Naging makabuluhan sa mga mag-aaral ang babasahin dahil inilalarawan nito ang kanilang pamilya, pamayanan, gawain, at kultura. Ang pagkilala sa sarili at kapaligiran sa mga kuwento ay nagpalakas ng kanilang interes at pagmamalaki. Gumamit ang mga guro ng kontekstuwalisadong materyal na Minamanwa na may sampung kuwento at bersiyong Cebuano/Bisaya bilang gabay sa pagkukuwento, pagbasa nang malakas, pagkilala ng salita, at pag-unawa sa binasa.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

Diferensiyado at Naka-scaffold na Pagtuturo Batay sa Kakayahan

Bagama't iisa ang kuwento, iniangkop ang mga gawain sa kakayahan ng mga mag-aaral. Gumamit ang mga guro at extensionist ng larawan, gabay sa talasalitaan, maiikling tanong, at muling pagbasa. Sa mas handang mag-aaral, nagbigay naman sila ng mga gawain sa pagtukoy ng pangunahing ideya, pagsasaayos ng pangyayari, at paghihinuha. Ipinakikita nito na ang antas ng suporta at uri ng gawain ay nakabatay sa aktuwal na pangangailangan ng bawat mag-aaral.

Agarang Pag-aangkop sa mga Hamon ng Multigrade at Remedial na Pagbasa

Nagkakaiba ang hamon ng mga mag-aaral kapag humahaba ang teksto o nagtatagal ang pagbasa. Ang ilan ay nangangailangan ng muling pagbasa at dagdag na oras, samantalang ang iba ay nangangailangan ng larawan at paghinto upang maibalik ang pokus. Bilang tugon, hinahati ng mga implementer ang teksto sa maiikling bahagi, nagbibigay ng pasalitang paggabay, at inuulit ang mga gawain kung kinakailangan. Sa ganitong paraan, naiaangkop ang pagtuturo habang nagpapatuloy ang pagbasa.

Talahanayan 4
Epekto ng Kontekstuwalisadong Kagamitang Panturo sa Word Recognition at Reading Comprehension ng mga Mag-aaral

Mahahalagang Tema	Pangunahing Kaisipan
Unti-unting Pag-unlad sa Pagkilala at Pagbasa ng mga Salita	Mas mabilis nang nakikilala ng mga mag-aaral ang mga letra at kaugnay na tunog.
	Mas madali na nilang nababasa ang mga pamilyar at karaniwang salitang ginamit sa mga kuwento.
	Nakatutulong ang paulit-ulit na pagbasa sa pagpapatatag ng word recognition at decoding.
	Ginagamit ang mga larawan bilang palatandaan sa pagkilala at pagbibigay-kahulugan sa salita.
	Mas kaunting tulong na ang kinakailangan ng ilang mag-aaral sa pagbasa ng maiikling pangungusap.
	Hindi pare-pareho ang bilis ng pag-unlad sapagkat magkakaiba ang panimulang antas at pangangailangan ng mga bata.
	Mas madaling nauunawaan ang kuwento kapag pamilyar ang wika, tauhan, tagpuan, at pangyayari.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Mas Malalim na Pag-unawa sa Pamilyar na Teksto	Naiuugnay ng mga mag-aaral ang binasa sa kanilang sariling pamilya, pamayanan, kultura, at karanasan.
	Mas nakasasagot sila sa mga payak na tanong na sino, ano, saan, kailan, at bakit.
	Nagagawa ng ilan na tukuyin ang pangunahing diwa at mahahalagang detalye ng kuwento.
	Nakabubuo ang ilang mag-aaral ng payak na prediksiyon o hinuha sa tulong ng larawan at guiding questions.
	Naipapaliwanag nila ang kahulugan ng teksto sa sariling paraan sa pamamagitan ng pasalitang pagsasalaysay o pagtalakay.
Kultural na Pamilyaridad Bilang Tulay sa Pagbuo ng Kahulugan	Pinadadali ng mga kuwentong nakaugat sa kulturang Mamanwaang paggunita sa mga detalye.
	Nagkakaroon ang mga salita ng kongkretong kahulugan dahil nauugnay ang mga ito sa aktuwal na karanasan ng mga bata.
	Nabubuo sa isip ng mga mag-aaral ang pangyayari sa kuwento sa tulong ng pamilyar na larawan at tagpuan.
	Nagagamit ang dating kaalaman tungkol sa ritwal, laro, pagtatanim, kalikasan, at buhay-komunidad sa pag-unawa.
	Nababawasan ang pagiging banyaga o abstrakto ng tekstong binabasa.
	Nagiging makabuluhan ang pagbasa dahil nakikita ng mga mag-aaral ang kanilang pagkakakilanlan sa materyal.
Pagtaas ng Kumpiyansa, Inter at Aktibong Pakikilahok	Mas handa nang sumubok bumasa ang mga mag-aaral kahit hindi pa ganap na mahusay.
	Mas boluntaryo silang nagbabasa ng salita, pangungusap, o bahagi ng kuwento.
	Mas aktibo silang sumasagot sa mga tanong at nakikilahok sa talakayan.
	Mas komportable silang humingi ng tulong o tumanggap ng pagwawasto kapag nagkakamali.
	Nagpapakita sila ng pananabik na ipagpatuloy, tapusin, o ulitin ang kuwentong binabasa.
	Nagkakaroon sila ng pagmamalaki at positibong damdamin dahil kinakatawan sa babasahin ang kanilang pagka-Mamanwa.
Patuloy ngunit Hindi Pantay na Pag-unlad sa Mas Mataas na Kasanayan sa Pagbasa	May mga mag-aaral na nananatiling nangangailangan ng gabay sa mahahabang salita, pangungusap, at talata.
	Ang hirap sa decoding ay patuloy na nakaaapekto sa pag-unawa sa kabuuang pangungusap o kuwento.
	Ang ilan ay nangangailangan pa ng prompts upang matukoy ang main idea, inference, at supporting details.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

	Mas mabagal ang pag-unawa kapag mahaba ang teksto o may salitang hindi pamilyar sa mag-aaral.
	Naaapektuhan ang progreso ng dalas ng pagdalo, tuloy-tuloy na pagsasanay, at classroom reinforcement.
	Ipinakikita ng resulta na mahalaga ang pangmatagalang suporta at hindi sapat ang isang beses o panandaliang interbensiyon.

Mas madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang pamilyar na salita, ngunit nahihirapan sa mahahabang teksto. Ayon sa Case 1, “Dili kaayo ko maglisod sa mga words kay pamilyar ra nako. Usahay ang taas nga basahunon kinahanglang basahon nako pag-usab.” Gayundin, nauunawaan ng Case 2 at 5 ang mga salita ngunit nangangailangan ng dagdag na oras sa mahahabang kuwento. Para naman sa Case 3, mas mahirap ang mahabang talata. Sa obserbasyon ng Guro 1 at Extensionist 1, nakaaapekto rin sa pag-unawa ang hirap sa *decoding* at mga di-pamilyar na salita. Gayunman, kailangan pa ng indibidwal na pagtatasa upang masukat ang bilis at katumpakan ng pagkilala sa salita.

Nakatulong ang pamilyar na kuwento at mga larawan upang masundan at mailarawan ng mga mag-aaral ang mga pangyayari. Ayon sa Case 3, “Ang mga larawan at pamilyar na kuwento ang nagpapadali para sa akin. Para bang nakikita ko sa aking isip ang binabasa ko.” Samantala, sinabi ng Case 4 na mas madali niyang naiimagine ang kuwento kapag pamilyar ang lugar at mga pangyayari. Ginamit din ng Case 5 ang mga larawan sa pag-alala at muling pag-unawa sa salaysay. Iniulat naman ng mga guro at extensionist ang pag-unlad ng ilang mag-aaral sa pagsasalaysay, pagsasaayos ng pangyayari, at pagtukoy sa pangunahing ideya.

Nakatulong ang mga kuwentong nakaugat sa kulturang Mamanwa upang maiugnay ng mga mag-aaral ang binasa sa kanilang karanasan. Kabilang dito ang pamilya, laro, ritwal, pagtatanim, at tradisyon. Ibinahagi ng Case 3, “Dahil nilalaro rin namin iyon. Sa ritwal naman, nakikilahok din kami tulad ng nabasa ko kanina.” Ipinakikita nito na nagiging mas makabuluhan ang pagbasa kapag nakikilala ng mga mag-aaral ang kanilang sariling pamumuhay at kultura sa teksto. Sinusuportahan ito ng estratehiya ng Extensionist 2 na pag-uugnay muna ng kuwento sa karanasan ng mga bata.

Napanatili ng mga larawan, kulay, at pamilyar na kuwento ang interes ng mga mag-aaral. Naging dahilan din ng pagpapatuloy ng pagbasa ang pananabik na malaman ang kasunod na pangyayari. Ayon sa Case 3, “Oo, dahil gusto kong malaman ang susunod na mangyayari sa kuwento.” Nagpahayag din ng pagmamalaki ang Case 3 at 4 sa pagkakakilanlan at kulturang kinakatawan sa aklat. Gayunman, ipinakita ng Case 2 na maaaring humina ang pokus kapag humahaba ang pagbasa, ngunit naibabalik ito ng mga larawan. Iniulat din ng punong guro at Guro 3 ang mas aktibong pakikilahok ng ilang mag-aaral sa pagbasa at talakayan.

Sa kabila ng interes at pagiging pamilyar sa kuwento, nanatili ang hamon sa pag-unawa sa mahahabang teksto. Ayon sa Case 5, “Nauunawaan ko naman ang mga salita. Kapag mahaba ang isang bahagi ng kuwento, kailangan ko ng dagdag na oras sa pagbasa.” Gumamit din ang Case 1 at 3 ng muling pagbasa, samantalang ang Case 2 ay nangangailangan ng suporta upang mapanatili ang pokus. Sa lingguhang obserbasyon ng Extensionist 2, napansin sa ilang mag-aaral ang pag-unlad sa muling pagsasalaysay, pagsasaayos ng pangyayari, at pagtukoy sa pangunahing ideya. Gayunman, pangkatang obserbasyon ang mga ito at hindi indibidwal na pagtatasa sa bawat kaso.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

	Natutuhan nilang ibagay ang scaffolding sa aktuwal na reading level at hindi lamang sa baitang.
	Mas madalas nilang gamitin ang storytelling, picture discussion, guided reading, at cultural connection.
	Natutuhan nilang iangkop ang tanong mula sa literal patungo sa inference, prediction, justification, at reflection.
	Naging mas mapanuri sila sa obserbasyon, pagdodokumento, at paggamit ng feedback sa susunod na pagtuturo.
Mga Hamon sa Oras, Kakayahan, Wika, at Pagpapatuloy	Limitado ang tutorial sa itinakdang araw kaya kinakailangan ang tuloy-tuloy na classroom reinforcement.
	Mahirap tugunan sa iisang sesyon ang magkakaibang pacing at lawak ng kahinaan ng mga mag-aaral.
	May malaking agwat sa inaasahang competency ng baitang at aktuwal na reading level ng ilang bata.
	Hindi lahat ng tagapayo at extensionists ay matatas sa wikang Mamanwakaya kinakailangan ang parallel version at teacher guide.
	Nagiging hamon ang attendance, limitadong materyal, at kakulangan ng pagsasanay o follow-up sa tahanan.
	Kinakailangan ang dagdag na oras, mas maliit na tutorial group, at mas tiyak na suporta para sa mga batang may matinding kahinaan.
Panawagan para sa Pagpapatuloy, Pagpapalawak, at Institusyonalisasyon	Naniniwala ang mga kalahok na dapat ipagpatuloy ang programa dahil unti-unti at pangmatagalan ang paglinang ng pagbasa.
	Kailangan ang regular na iskedyul at simpleng learner progress record upang masukat ang pag-unlad.
	Iminumungkahi ang pagdaragdag ng mga kuwentong angkop sa iba -ibangbaitang at antas ng pagbasa.
	Maaaring dagdagan ang materyal ng word games, vocabulary guides, sequencing, summary frames, at inference activities.
	Maaaring bumuo ng take-home activities, bagaman kinakailangang isaalang-alang ang kakayahan ng pamilya na umalalay.
	Mahalaga ang patuloy na koordinasyon, pagsasanay, pondo, monitoring, at pormal na suporta ng paaralan at SLSU.

Inilahad sa talahanayan ang limang tema: pagpapahalaga sa kaangkupang pangkultura, magkakaugnay na gampanin, propesyonal na pagkatuto, mga hamon, at pagpapatuloy ng programa. Nakatuon ang mga ito sa pananaw at karanasan ng mga tagapagpatupad.

Pinahalagahan ng mga guro at extensionist ang mga kuwentong nakaugat sa kultura at karanasan ng mga Mamanwa dahil nakatutulong ang mga ito sa interes at pakikilahok ng mga mag-aaral. Ayon sa Guro 3,

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
maaari ring gamitin ang mga kuwento sa remedial reading at mas malalim na talakayang pangkultura.

Magkatuwang ang mga tagapayo, extensionist, at punong guro sa pagpapatupad ng programa. Nangunguna ang mga extensionist sa tutorial, ipinagpapatuloy ng mga guro ang paggabay sa regular na klase, at tinitiyak ng punong guro ang koordinasyon, iskedyul, pagdalo, at pagpapalitan ng puna.

Iniangkop ng mga implementer ang mga gawain ayon sa kakayahan ng mag-aaral. Gumamit sila ng larawan, pagmomodelo, gabay sa talasalitaan, at mga tanong na may magkakaibang antas ng kahirapan. Binigyang-diin ng Extensionist 2 na inaangkop ang mga tanong at inaasahang gawain habang pinananatili ang parehong babasahin.

Kabilang sa mga hamon ang magkakaibang antas ng pagbasa, limitadong oras, at hindi regular na pagdalo. Ayon sa Extensionist 1, mahalagang isaalang-alang ang aktuwal na kahirapang nakikita sa tutorial at ang regularidad ng pagdalo. Ipinakita rin ng mga guro na kailangang ibagay ang suporta sa panimulang kakayahan ng bawat mag-aaral.

Binigyang-diin ng mga implementer ang kahalagahan ng tuloy-tuloy na paggabay at pagsubaybay sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Iminungkahi ng Extensionist 2 ang pagbabahagi ng lingguhang tala ng pag-unlad upang maiugnay ang obserbasyon sa tutorial sa regular na impormasyon mula sa klase. Kaayon nito ang panawagan ng mga guro para sa pare-parehong pagsasanay at follow-up.

Sa kabuuan, ipinakita ng mga tema na mahalaga ang kaangkupang pangkultura, pagtutulungan, at diferensiyadong pagtuturo sa pagpapatupad ng programa. Kinakailangan din ang regular na pagsubaybay at koordinasyon upang maipagpatuloy ang suportang naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Talahanayan 6
Mga Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Kaso sa Implementasyon at Kinalabasan ng Programa

Mahahalagang Tema	Yunit ng Kaso		Mga Tala
	Pagkakatulad	Pagkakaiba	
Pagpapatupad ng Kontekstuwalisadong Kagamitang Panturo ….			
Sistematikong Pagtukoy at Pagbibigay-priyoridad sa mga Nangangailangang Mag-aaral	Kaso 1, 2, 3, 4, at 5		Ang limang mag-aaral ay kabilang sa mga natukoy ng tagapayos na nangangailangan ng karagdagang interbensiyon sa pagbasa.
Sama-samang Pagpapatupad ng Paaralan at SLSU Extension Team	Kaso 1, 2, 3, 4, at 5		Nakatanggap ang lahat ng kaso ng tutorial mula sa SLSU extensionists at follow-up support mula sa tagapayos sa ilalim ng koordinasyon ng head teacher.
	Kaso 1, 2, 3, at 5		Nakatulong ang mga larawan at kuwentong tumatalakay sa pamilya,

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Paggamit ng Materyal na Nakaugat sa Wika at Kulturang Mamanwa			pamayanan, kultura, tradisyon, at pang-araw-araw na buhay.
		Kaso 4	Nakadama ang mag-aaral ng pagmamalaki dahil inilalarawan sa aklat ang kanilang lugar at mga Mamanwabilang pangunahing tauhan.
Diferensiyado at Naka-scaffold na Pagtuturo Batay sa Kakayahan	Kaso 1, 3, at 5		Kinailangan ang muling pagbasa, paggamit ng larawan, at karagdagang oras upang maunawaan ang mahahabang bahagi.
		Kaso 2	Hinihinay-hinay ang pagbasa at ginagamit ang mga larawan kapag nawawala ang pokus.
		Kaso 4	Humihinto sandali, tumitingin sa larawan, at saka ipinagpapatuloy ang pagbasa.
Agarang Pag-aangkop sa mga Hamon ng Multigrade at Remedial na Pagbasa	Kaso 1, 3, at 5		Muling binabasa ang mahirap o mahabang bahagi at ginagamit ang larawan upang linawin ang pangyayari.
		Kaso 2	Binabagalan ang pagbasa at ginagamit ang larawan upang maibalik ang interes at atensiyon.
		Kaso 4	Humihinto sandali kapag napapagod at nagpapatuloy matapos tingnan ang mga larawan.
Epekto ng Kontekstuwalisadong Kagamitang Panturo.....			
Unti-unting Pag-unlad sa Pagkilala at Pagbasa ng mga Salita	Kaso 1, 2, 3, at 4		Naunawaan nila ang karamihan sa mga salita dahil pamilyar ang konteksto, kultura, at mga pangyayaring inilalarawan.
		Kaso 5	Nauunawaan ang mga salita ngunit nananatiling mabagal ang pagbasa, lalo na kapag mahaba ang bahagi ng kuwento.
Mas Malalim na Pag-unawa sa Pamilyar na Teksto	Kaso 1, 2, 4, at 5		Mas madaling naunawaan ang kuwento dahil naiuugnay ito sa sariling pamilya, lugar, kultura, at pang-araw-araw na buhay.
		Kaso 3	Nabubuo sa isip ang pangyayari at naaalala ang sariling karanasan habang binabasa ang kuwento.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Kultural na Pamilyaridad Bilang Tulay sa Pagbuo ng Kahulugan	Kaso 1, 2, 4, at 5		Iniugnay ang kuwento sa pamilya, lugar, kultura, tradisyon, at pang-araw-araw na pamumuhay.
		Kaso 3	Nakilala sa kuwento ang mga laro, ritwal, at gawaing pagtatanim na isinasagawa pa rin sa kanilang pamayanan.
Pagtaas ng Kumpiyansa, Interes, at Aktibong Pakikilahok	Kaso 1, 2, at 5		Mas nasiyahan at nagpatuloy sa pagbasa dahil pamilyar at makulay ang kuwento.
		Kaso 3	Patuloy na nagbabasa dahil nais malaman ang susunod na mangyayari sa kuwento.
		Kaso 4	Naging masigla at proud dahil nakikita ang sariling lugar, buhay, at identidad sa kuwento.
Patuloy ngunit Hindi Pantay na Pag-unlad sa Mas Mataas na Kasanayan sa Pagbasa	Kaso 1, 3, at 5		Nauunawaan ang mga salita ngunit kailangang ulitin ang mahahabang bahagi upang ganap na masundan ang kuwento.
		Kaso 2	Nauunawaan ang mga salita ngunit nawawala ang focus kapag nagtatagal ang pagbasa.
		Kaso 4	Walang iniulat na mahirap na salita o pangyayari ngunit napapagod sa mahabang teksto.
Mga Karanasan at Pananaw ng mga Tagapayo at Extensionists....			
Positibong Pagpapahalaga sa Kultural na Kaangkupan ng Programa	Kaso 1, 2, 3, 4, at 5		Nakita ng mga tagapayo at extensionists sa limang kaso na higit na nakikilahok ang mga mag-aaral kapag pamilyar ang kultura, wika, larawan, at pangyayari.
Malinaw ngunit Magkakaugnay na Gampanin ng mga Katuwang	Kaso 1, 2, 3, 4, at 5		Ang mga tagapayo ang nagtukoy sa kanila, ang extensionists ang nagsagawa ng nakatuong tutorial, at ang head teacher ang nagkoordina at nagmonitor.
Propesyonal na Pagkatuto at Pagbabago sa Pamamaraan ng Pagtuturo	Kaso 1, 3, at 5		Pinagtibay ng kanilang tugon ang halaga ng repeated reading, picture cues, at pag-uugnay ng kuwento sa dating karanasan.
		Kaso 2	Nangailangan ng pacing at visual support upang mapanatili ang atensiyon.
		Kaso 4	Nangailangan ng pagkakataong huminto sandali bago ipagpatuloy ang pagbasa.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Mga Hamon sa Oras, Kakayahan, Wika, at Pagpapatuloy	Kaso 1, 3, at 5		Pangunahing hamon ang mabagal na pagbasa at pangangailangang ulitin ang mahahabang bahagi.
		Kaso 2	Nababawasan ang atensiyon kapag nagtatagal ang gawain, bagama't naibabalik ito ng mga larawan.
		Kaso 4	Nauunawaan ang teksto ngunit kailangang huminto kapag napapagod.
Panawagan para sa Pagpapatuloy, Pagpapalawak, at Institusyonalisasyon	Kaso 1, 3, at 5		Nangangailangan ng mas maraming leveled stories, repeated-reading activities, at sapat na oras para sa mahahabang teksto.
		Kaso 2	Makikinabang sa mas maiikling reading segments at gawaing gumagamit ng larawan upang mapanatili ang atensiyon.
		Kaso 4	Makikinabang sa kontroladong haba ng gawain, pahinga, at unti-unting pagpapahaba ng teksto.

Pagkakatulad at Pagkakaiba sa Pagpapatupad ng Kontekstuwalisadong Kagamitang Panturo

Magkakatulad ang limang kaso sa pagpili batay sa pangangailangan ng karagdagang suporta sa pagbasa, ngunit nagkakaiba sa uri ng tulong na kailangan. Pinag-ugnay ng programa ang tutorial ng mga extensionist at ang pagpapatuloy ng pagbasa sa regular na klase sa tulong ng mga guro at punong guro. Naging makabuluhan ang materyal dahil nakaugat ito sa kultura at karanasan ng mga Mamanwa, tulad ng pamilya, laro, ritwal, tradisyon, at pamayanan. Bagama't iisa ang ginagamit na babasahin, iniangkop ang paggabay ayon sa pangangailangan ng bawat mag-aaral. Ang Case 1, 3, at 5 ay gumamit ng muling pagbasa kasabay ng larawan; ang Case 2 ay nagbasa nang marahan habang tumitingin sa larawan; at ang Case 4 ay tumingin muna sa larawan bago magbasa. Ipinakita rin ng mga kaso na magkakaiba ang epekto ng mahahabang teksto, gaya ng pangangailangan sa dagdag na oras, pagpapanatili ng pokus, at pag-iwas sa pagkapagod.

Pagkakatulad at Pagkakaiba sa mga Kinalabasan ng Kontekstuwalisadong Kagamitang Panturo

Ipinakita ng mga salaysay na mas madaling nauunawaan ng karamihan sa mga mag-aaral ang pamilyar na salita kaysa sa mahahabang teksto. Nakatulong ang mga larawan at pamilyar na kuwento sa pagsunod sa mga pangyayari, pagbuo ng imahen sa isip, at paggunita sa salaysay. Naging tulay rin ang kanilang kaalaman sa pamilya, laro, ritwal, at tradisyon upang maiugnay ang binasa sa sariling karanasan. Nagpahayag ang lahat ng interes at kasiyahan sa pagbabasa, na pinatibay ng mga larawan, pananabik sa kasunod na pangyayari, at pagkilala sa sariling kultura. Gayunman, nanatili ang magkakaibang hamon sa mahabang pagbasa. Ang ilan ay nangangailangan ng muling pagbasa at dagdag na oras, samantalang ang iba ay nangangailangan ng

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
suporta sa pagpapanatili ng pokus. Sa antas ng pangkat, iniulat din ang pag-unlad sa muling pagsasalaysay, pagsasaayos ng pangyayari, at pagtukoy sa pangunahing ideya.

Pagkakatulad at Pagkakaiba sa mga Karanasan at Pananaw ng mga Tagapayo at Extensionist

Pinahalagahan ng mga guro at extensionist ang kultural na kaangkupan ng materyal dahil nakatutulong ito sa interes at pakikilahok ng mga mag-aaral. Ipinakita rin ng kanilang mga salaysay ang magkakaugnay na tungkulin ng mga tagapayo, extensionist, at punong guro sa pagpapatupad ng programa. Iniangkop nila ang mga estratehiya, tanong, at gawain ayon sa kakayahan at aktuwal na pangangailangan ng mga bata. Gayunman, naharap sila sa mga hamon tulad ng magkakaibang panimulang antas sa pagbasa, limitadong oras, at regularidad ng pagdalo. Binigyang-diin nila ang kahalagahan ng tuloy-tuloy na paggabay, regular na follow-up, at pagbabahagi ng lingguhang tala ng pag-unlad upang maiugnay ang tutorial sa regular na klase.

6. Talakayan

Pagpapatupad ng Kontekstuwalisadong Kagamitang Panturo sa Bawat Kaso

Limang tema ang lumitaw sa pagpapatupad ng programa: sistematikong pagtukoy sa mga mag-aaral, sama-samang pagpapatupad, paggamit ng materyal na nakaugat sa kulturang Mamanwa, diferensiyadong pagtuturo, at agarang pag-aangkop sa mga hamon sa pagbasa.

Sistematikong Pagtukoy at Pagbibigay-priyoridad sa mga Nangangailangang Mag-aaral. Naging batayan ang paunang pagtatasa sa pagpili ng limang mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang suporta. Gayunman, nagkakaiba ang kanilang pangangailangan: ang Case 1, 3, at 5 ay nangangailangan ng muling pagbasa, samantalang ang Case 2 ay higit na nangangailangan ng tulong sa pagpapanatili ng pokus. Ipinakita nito ang kahalagahan ng patuloy na pagmamasid upang maiangkop ang paggabay.

Sama-samang Pagpapatupad ng Paaralan at SLSU Extension Team. Nagtulungan ang mga extensionist, guro, at punong guro sa pagpapatupad ng programa. Nanguna ang mga extensionist sa tutorial, ipinagpatuloy ng mga guro ang pagbasa sa klase, at tiniyak ng punong guro ang koordinasyon at pagsubaybay. Nakatulong ang pagtutulungang ito upang maging tuloy-tuloy ang suporta sa mga mag-aaral.

Paggamit ng Materyal na Nakaugat sa Wika at Kulturang Mamanwa**.** Ginamit ang sampung kuwentong Minamanwa kasama ang bersiyong Cebuano/Bisaya bilang gabay sa pagtuturo. Nakilala ng mga mag-aaral sa mga kuwento ang kanilang pamilya, lugar, laro, ritwal, at tradisyon. Dahil dito, nagamit nila ang sariling karanasan at kaalaman sa pag-unawa sa binasa at higit nilang napahalagahan ang kanilang kultura.

Diferensiyado at Naka-scaffold na Pagtuturo Batay sa Kakayahan. Bagama't iisa ang materyal, iniangkop ang paraan ng paggabay ayon sa baitang at kakayahan. Gumamit ang mga implementer ng pagmomodelo,

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
larawan, gabay sa talasalitaan, maiikling tanong, at iba't ibang antas ng gawain. Ipinakita nito na maaaring manatili ang parehong kuwento habang nagbabago ang antas ng suporta.

Agarang Pag-aangkop sa mga Hamon ng Multigrade at Remedial na Pagbasa. Gumamit ang mga implementer ng paghahati ng teksto, pag-uulit, larawan, at pasalitang paggabay upang matugunan ang magkakaibang hamon sa pagbasa. Ibinatay ang susunod na hakbang sa aktuwal na tugon ng mag-aaral, lalo na kapag nahihirapan siyang sumunod sa mahahabang bahagi.

Mga Kinalabasan sa Pagkilala sa mga Salita at Pag-unawa sa Binasa

Limang tema ang lumitaw sa pagsusuri: pag-unlad sa pagkilala ng salita, mas malalim na pag-unawa sa pamilyar na teksto, kultural na pamilyaridad, pagtaas ng interes at pakikilahok, at patuloy ngunit hindi pantay na pag-unlad sa pagbasa.

Unti-unting Pag-unlad sa Pagkilala at Pagbasa ng mga Salita. Mas madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga pamilyar na salita kaysa sa mahahabang teksto. Bagama't nauunawaan ng Case 1, 2, 3, at 5 ang mga salitang ginamit, nangangailangan pa rin sila ng dagdag na oras at muling pagbasa upang masundan ang buong kuwento. Gayunman, kailangan ng indibidwal na pagtatasa upang matukoy ang pagbabago sa bilis at katumpakan ng pagkilala sa salita.

Mas Malalim na Pag-unawa sa Pamilyar na Teksto**.** Nakatulong ang mga larawan at pamilyar na kuwento upang masundan at maunawaan ang mga pangyayari. Ginamit ng Case 1 at 2 ang larawan upang linawin ang salaysay, ng Case 3 at 4 upang makabuo ng imahen sa isip, at ng Case 5 upang maalala ang kuwento sa muling pagbasa. Ipinakita nito na may magkakaibang paraan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng kahulugan.

Kultural na Pamilyaridad Bilang Tulay sa Pagbuo ng Kahulugan. Nakatulong ang mga karanasan tungkol sa pamilya, laro, ritwal, pagtatanim, at tradisyon upang maiugnay ng mga mag-aaral ang binasa sa sariling buhay. Naging kongkretong sanggunian ang kanilang kaalaman sa pamayanan sa pag-unawa sa mga salita at pangyayari sa kuwento.

Pagtaas ng Kumpiyansa, Interes, at Aktibong Pakikilahok. Nagpahayag ang mga mag-aaral ng kasiyahan at pagnanais na magpatuloy sa pagbabasa. Nakatulong ang mga larawan, kulay, pananabik sa kasunod na pangyayari, at pagkilala sa sariling kultura upang mapanatili ang kanilang interes. Iniulat din ng mga implementer ang mas aktibong pakikilahok ng ilang mag-aaral sa pagbasa at talakayan.

Patuloy ngunit Hindi Pantay na Pag-unlad sa Mas Mataas na Kasanayan sa Pagbasa. Sa kabila ng interes, nanatili ang hamon sa mahahabang teksto. Ang Case 1, 3, at 5 ay nangangailangan ng muling pagbasa; ang Case 2 ay nangangailangan ng suporta sa pagpapanatili ng pokus; at ang Case 4 ay nakararanas ng pagkapagod sa mahabang pagbasa. Iniulat din ng mga impormante ang pag-unlad ng ilang mag-aaral sa

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
pagsasalaysay, pagtukoy sa pangunahing ideya, at paghihinuha. Gayunman, pangkatang obserbasyon ang mga ito at hindi indibidwal na pagtatasa sa bawat kaso.

Mga Karanasan at Pananaw ng mga Tagapayo at Extensionists sa Pagpapatupad ng Programa

Lumitaw ang limang tema: positibong pagpapahalaga sa kultural na kaangkupan ng programa, malinaw na gampanin ng mga katuwang, propesyonal na pagkatuto, mga hamon sa pagpapatupad, at panawagan para sa pagpapatuloy at institusyonalisasyon.

Positibong Pagpapahalaga sa Kultural na Kaangkupan ng Programa. Pinahalagahan ng mga tagapagpatupad ang mga kuwentong sumasalamin sa buhay at kultura ng mga mag-aaral. Naging panimulang batayan ito sa pagbasa, talakayan, at pag-unawa sa sariling kultura.

Malinaw ngunit Magkakaugnay na Gampanin ng mga Katuwang. Nagkaroon ng magkakaibang ngunit magkakaugnay na tungkulin ang mga tagapayo, extensionists, at punong-guro sa pagtukoy ng pangangailangan, pagsasagawa ng tutorial, pagpapatuloy ng gawain sa klase, at koordinasyon. Mahalaga rito ang malinaw na komunikasyon at pagbabahagi ng obserbasyon.

Propesyonal na Pagkatuto at Pagbabago sa Pamamaraan ng Pagtuturo. Iniangkop ng mga tagapagpatupad ang haba ng teksto, antas ng tanong, at dami ng gabay batay sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ipinakita nito ang kahalagahan ng mapanuring pagpapasya at angkop na suportang hindi nagpapababa sa dignidad ng mga bata.

Mga Hamon sa Oras, Kakayahan, Wika, at Pagpapatuloy. Kabilang sa mga hamon ang limitadong oras, magkakaibang kakayahan, regularidad ng pagdalo, at paggamit ng bersiyong Cebuano/Bisaya bilang gabay sa materyal na Minamanwa. Nangangailangan ang mga ito ng maayos na pagpaplano at koordinasyon.

Panawagan para sa Pagpapatuloy, Pagpapalawak, at Institusyonalisasyon. Binigyang-diin ang regular na pagsasanay, follow-up, at pagbabahagi ng lingguhang tala upang mapanatili ang suporta sa pagbasa. Iminungkahi ring pag-aralan ang institusyonalisasyon ng programa sa pamamagitan ng malinaw na iskedyul, pananagutan, at pagsubaybay.

Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Kaso sa Implementasyon at Kinalabasan

Nagkakatulad ang limang kaso sa paggamit ng iisang materyal at pagkilala sa sariling buhay at kultura sa mga kuwento. Gayunman, nagkakaiba sila sa paraan ng pagbasa at pangangailangan ng suporta. Sa implementasyon, gumamit ng muling pagbasa ang Kaso 1, 3, at 5 upang linawin at maunawaan ang teksto. Samantala, ginamit ng Kaso 2 ang marahang pagbasa at larawan upang mapanatili ang pokus, habang

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
sinimulan naman ng Kaso 4 ang pag-unawa sa pamamagitan ng pagtingin sa mga larawan at pag-uugnay sa pamilyar na karanasan.

Sa kinalabasan, pinahalagahan ng lahat ang mga kuwentong naglalarawan sa kanilang kultura at karanasan, bagaman magkakaiba ang mga aspektong kanilang binigyang-diin. Partikular na ipinakita ng Kaso 3 at 4 ang pagmamalaki sa sariling pagkakakilanlan.

Ipinakita rin ng paghahambing na hindi awtomatikong magkakatulad ang pangangailangan ng mga mag-aaral kahit magkapangkat sila. Samakatuwid, mahalagang pagsamahin ang kultural na kaangkupan ng materyal at indibidwal na paggabay upang matugunan ang magkakaibang pangangailangan sa pagbasa.

Pag-uugnay ng mga Natuklasan sa Socio-cultural Theory ni Vygotsky

Sinusuportahan ng mga natuklasan ang Socio-cultural Theory ni Vygotsky (1978), partikular ang papel ng paggabay, interaksiyong panlipunan, at mga kasangkapang pangkultura sa pagkatuto.

Una, ang kahalagahan ng paggabay. Iniangkop ng mga tagapayo at extensionists ang haba ng teksto, antas ng tanong, pagmomodelo, at tulong batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Kaugnay ito ng Zone of Proximal Development (ZPD), kung saan napauunlad ang pagkatuto sa pamamagitan ng angkop na suporta.

Ikalawa, ang papel ng mga kasangkapang pangkultura. Nakatulong ang pamilyar na wika, larawan, at karanasan sa pamilya at pamayanan upang maunawaan ng mga mag-aaral ang mga kuwento. Nagsilbing batayan ang kanilang kulturang kinabibilangan sa pagbuo ng kahulugan.

Ikatlo, ang pag-aangkop ng paggabay. Bagama't iisa ang materyal, magkakaiba ang estratehiyang ginamit ng limang kaso. Ipinakita nito ang pangangailangang iayon ang suporta sa aktuwal na kakayahan at pangangailangan ng bawat mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakita ng mga natuklasan ang pagkakaugnay ng panlipunang paggabay, mga kasangkapang pangkultura, at indibidwal na pangangailangan sa pagkatuto ng pagbasa ng mga mag-aaral na Mamanwa.

7. Implikasyon ng Pag-aaral

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na mahalagang pag-ugnayin ang kultural na kaangkupan at angkop na antas ng gawain. Maaaring gamitin ng mga tagapayo at extensionists ang pamilyar na kuwento bilang panimula sa pagkilala ng salita at pag-unawa. Kailangang iangkop ang haba ng teksto, mga tanong, at dami ng tulong sa aktuwal na pagtugon ng mag-aaral.
Mahalaga ring magkahiwalay na subaybayan ang pagkilala ng salita, pag-unawa sa binasa, at pakikilahok. Ang kahandaang sumubok ay nagbibigay ng pagkakataong magsanay, habang ang mismong pagbasa at

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
paliwanag ng bata ang nagbibigay ng mas tiyak na impormasyon tungkol sa kasanayan. Maaaring makatulong ang maiikling tala sa binasang bahagi, suportang ibinigay, at tugon ng mag-aaral upang maging malinaw ang susunod na paggabay.

Para sa mga nangangailangan ng muling pagbasa, mahalagang maglaan ng sapat na pagkakataong balikan ang teksto. Para sa pangangailangang may kaugnayan sa atensiyon, maaaring isaalang-alang ang haba ng gawain at paggamit ng larawan. Ang mga ito ay kailangang patuloy na suriin batay sa pagtugon ng bawat bata upang mapanatiling angkop ang pagtuturo.

Sa antas ng Paaralan A at SLSU extension team, mahalagang mapanatili ang komunikasyon sa pagitan ng tutorial at regular na klase. Ang pagbabahagi ng lingguhang obserbasyon ay maaaring maging batayan ng pagpapatuloy ng pagsasanay. Kailangang malinaw ang iskedyul, pananagutan, at paraan ng pagsubaybay upang magkaugnay ang suportang natatanggap ng mag-aaral.

Sa pagpapaunlad ng materyal, mahalagang mapanatili ang pakikilahok ng mga may kaalaman sa wika at kulturang Mamanwa. Ang pagpapahalaga ng mga bata sa pagkakalarawan sa kanilang buhay ay nagbibigay-diin sa pangangailangang maging tapat at magalang ang representasyon. Nararapat suriin ang materyal ayon sa kaangkupan nito sa pagbasa at kaugnayan sa pamayanan.

8. Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napatunayang mataas ang kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral, na may pangkalahatang mean na 4.17. Ipinakikita nito ang kanilang kakayahang umunawa sa mensahe ng akda, makiramay sa mga tauhan, gumamit ng imahinasyon, at maiugnay ang panitikan sa sariling karanasan. Gayunman, katamtaman ang kanilang pagtanggi sa mga halagang pampanitikan, na nagpapahiwatig na may ilang akdang hindi gaanong naaayon sa kanilang interes at karanasan.

Natuklasan ding walang makabuluhang pagkakaiba sa pangkalahatang kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan batay sa edad ($p = .215$) at kasarian ($p = .555$). Gayunpaman, may makabuluhang pagkakaiba batay sa lokasyon ng paaralan ($p = .014$), kung saan mas mataas ang pangkalahatang mean ng mga mag-aaral mula sa mga paaralang urban kaysa rural. Ipinakikita nito ang kahalagahan ng konteksto at mga oportunidad sa pagkatuto sa paglinang ng pagpapahalagang pampanitikan.

Batay naman sa mga salaysay ng mga kalahok, mahalaga ang panitikan sa paghubog ng pag-unawa sa sarili at kapwa, empatiya, imahinasyon, at pag-uugnay ng mga aral sa tunay na buhay. Nagsisilbi rin itong paraan ng paglilibang at pagpapahinga. Gayunman, nakaaapekto sa interes ng mga mag-aaral ang kahirapan ng ilang akda at kawalan ng kaugnayan ng mga ito sa kanilang sariling karanasan.

Sa kabuuan, ipinakita ng integrasyon ng kwantitatibo at kwalitatibong datos na ang pagpapahalagang pampanitikan ay nahuhubog sa pamamagitan ng ugnayan ng mambabasa sa akda, personal na karanasan,

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
interes, at konteksto ng pagkatuto. Samakatuwid, mahalagang isaalang-alang ang mga aspektong ito sa paglinang ng makabuluhan at angkop na pagtuturo ng Panitikang Filipino sa panahon ng digitalisasyon.

9. Mga Rekomendasyon

Inirerekomenda ang pangmatagalang pagsubaybay sa bawat kaso gamit ang magkakasunod na halimbawa ng pagbasa, tugon sa pag-unawa, obserbasyon, at tala ng natanggap na suporta. Makapagbibigay ito ng mas malinaw na batayan kung paano nagbabago ang kasanayan at pangangailangan sa paglipas ng panahon.
Maaari ring siyasatin ang magkakaibang gamit ng larawan at muling pagbasa. Lumitaw na nagagamit ang larawan bilang paghahanda, tulong sa paglilinaw, at sanggunian sa paggunita. Makabuluhang pag-aralan kung paano tumutugma ang mga gamit na ito sa tiyak na pangangailangan sa pagkilala ng salita at pag-unawa sa binasa.
Inirerekomenda rin ang mas malalim na pagsusuri sa pagkakaugnay ng tutorial at regular na klase. Maaaring pagtuunan ang pagpapalitan ng tala, pagdalo, at mga gawaing ipinagpapatuloy upang higit na maunawaan ang mga kondisyong kaugnay ng pagpapatuloy ng suporta.
Maaaring magsagawa ng iba pang multiple case study sa ibang IP Center upang maihambing ang mga padron sa magkakaibang konteksto. Sa gayong pag-aaral, mahalagang mapanatili ang malinaw na hangganan ng bawat kaso at ang pagtukoy sa pinagmumulan ng bawat obserbasyon.
Kung layunin ng susunod na pananaliksik na tukuyin ang nasusukat na pagbabago sa pagbasa, mahalagang magkaroon ng malinaw na panimulang pagtataya, kasunod na pagtataya, at dokumentasyon ng implementasyon. Maaaring samahan ang mga ito ng kwalitatibong pagsusuri upang maipaliwanag ang karanasan sa likod ng mga naitalang pagbabago.

10. Limitasyon ng Pag-aaral

Nakatuon ang pag-aaral sa paglalarawan at pag-unawa sa mga karanasan ng mga piling mag-aaral na Mamanwa sa pagbasa ng kontekstuwalisadong maikling kuwento, partikular sa pagkilala ng salita at pag-unawa sa binasa. Gumamit ito ng kwalitatibong *multiple-case study design* na may limang (5) case na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling* sa isang paaralang nagpapatupad ng *Indigenous Peoples Education (IPEd)* at may *multigrade* na kaayusan. Batay ang deskriptibo at interpretatibong pagsusuri sa mga karanasan ng mga kalahok at direktang obserbasyon habang sila ay nagbabasa sa mga sesyon ng *Extension Program* tuwing Miyerkules.

11. Etikal na Pahayag

Ethical Approval

Nasuri at naaprubahan ng University of the Immaculate Conception Research Ethics Committee (UIC-REC) ang pag-aaral noong Hunyo 9, 2026, sa ilalim ng Protocol Code GS-ER-04-26-0634, bago sinimulan ang pangangalap ng datos. Tiniyak ng mananaliksik ang pagsunod sa mga pamantayang etikal upang

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.mindularesearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Carrete-Marín, N., & Domingo-Peñafiel, L. (2022). Textbooks and teaching materials in rural schools: A systematic review. *Center for Educational Policy Studies Journal, 12*(2), 67–94. https://doi.org/10.26529/cepsj.1288

Derby, M. (2023). Talking together: The effects of traditional Māori pedagogy on children's early literacy development. *Education Sciences*, *13*(2), Article 207. https://doi.org/10.3390/educsci13020207

Duke, N. K., Ward, A. E., & Pearson, P. D. (2021). The science of reading comprehension instruction. The Reading Teacher, 74(6), 663–672. https://doi.org/10.1002/trtr.1993

Española et al. (2022). Building new literacies of Indigenous youth and their parents and teachers: A research-community extension project. Journal of Community Development Research, 15(4). https://doi.org/10.14456/jcdr-hs.2022.38

Flores, G., & Obod, S. (2023). Assessment of text-based instructional materials used among Indigenous Peoples (IP) learners in a new normal classroom. *International Journal of Membrane Science and Technology*, *10*(3), 99–110. https://doi.org/10.15379/ijmst.v10i3.1320

Hautala, J., Hawelka, S., & Aro, M. (2022). Dual-stage and dual-deficit? Word recognition processes during text reading across the reading fluency continuum. Reading and Writing, 35, 663–686. https://doi.org/10.1007/s11145-021-10201-1

Jugador, C. V. (2025). Reading remediation programs implemented in Indigenous People–intensive secondary schools in Jabonga District, Agusan del Norte. *Pantaō International Journal of Humanities and Social Sciences*, *4*(2), 2218–2228. https://doi.org/10.69651/pijhss0403206

Karageorgos, P., Richter, T., Haffmans, M.-B., Schindler, J., & Naumann, J. (2020). The role of word-recognition accuracy in the development of word-recognition speed and reading comprehension in primary school: A longitudinal examination. Cognitive Development, 56, 100949. https://doi.org/10.1016/j.cogdev.2020.100949

Kelly, L. B., Wakefield, W., Caires-Hurley, J., Kganetso, L. W., Moses, L., & Baca, E. (2021). What is culturally informed literacy instruction? A review of research in P–5 contexts. *Journal of Literacy Research*, *53*(1), 75–99. https://doi.org/10.1177/1086296X20986602

Kittle, J. M., Amendum, S. J., & Budde, C. M. (2024). What does research say about the science of reading for K-5 multilingual learners? A systematic review of systematic reviews. Educational Psychology Review, 36, Article 108. https://doi.org/10.1007/s10648-024-09942-6

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Ladaga, C. L., & Lamanilao-Agdana, F. M. P. (2025). Indigenized context-based learning materials in English. *International Journal of Multidisciplinary Research and Growth Evaluation*, *6*(4), 535–539. https://doi.org/10.54660/IJMRGE.2025.6.4.535-539

Llego, M. A. (2020). DepEd teaching and assessing in the global context: Objectives, activities, and materials. TeacherPH. https://www.teacherph.com/deped-teaching-and-assessing-in-the-global-context

Miranda, C. (2025). Word recognition level and comprehension skills of Grade 7 struggling readers at Dulag National High School. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.905000480

Oclarit, F. P., Jr., Betarmos, V. S., Jr., & Casinillo, L. F. (2023). Unheard sentiments of Mamanwa (Indigenous) learners in mainstream education: A basis for educational policy. *International Journal of Indonesian Education and Teaching*, *7*(2). https://doi.org/10.24071/ijiet.v7i2.6234

Petscher, Y., et al. (2020). The Science of Reading Progresses: Communicating Advances Beyond the Simple View of Reading.https://doi.org/10.1002/rrq.411

Rivera, G. M., & Sanchez, J. M. P. (2020). Use of contextualized instructional materials: The case of teaching Gas Laws in a public uptown high school. *Orbital: The Electronic Journal of Chemistry, 12*(4), 276–281. https://doi.org/10.17807/orbital.v12i4.1526

Schroeder, M., Tourigny, E., Bird, S., Ottmann, J., Jeary, J., Mark, D., Kootenay, C., Graham, S. A., & McKeough, A. (2022). Supporting Indigenous children's oral storytelling using a culturally referenced, developmentally based program. *The Australian Journal of Indigenous Education*, *51*(2). https://doi.org/10.55146/ajie.v51i2.50

Urban, M., Urban, K., & Nietfeld, J. L. (2023). The effect of a distributed metacognitive strategy intervention on reading comprehension. Metacognition and Learning, 18(2), 405–424. https://doi.org/10.1007/s11409-023-09334-1

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press. https://doi.org/10.2307/j.ctvjf9vz4

Wissman, K. K. (2021). Bringing a culturally sustaining lens to reading intervention. Journal of Literacy Research, 53(4), 563–587. https://doi.org/10.1177/1086296X211051668

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx